**KAPASIYAHAN BILANG 92-16**

**KAPASIYAHAN NA HUMIHILING SA KAGALANG-GALANG NA PANGULO FIDEL V. RAMOS, KGG. JOSE DE JESUS, KALIHIM NG DEPARTMENT OF PUBLIC WORKS AND HIGHWAYS (DPWH) PARA SA MADALIANG PAGPAPAPAGAWA NG PROYEKTONG DALUYAN NG TUBIG PATUNGONG BULI RIVER NA MAKAKALUNAS SA PAGBAHA NG MARAMING LUGAR SA MUNTINLUPA TULAD NG CARMINA COMPOUND, BUNYI COMPOUND, CABEZA COMPOUND AT LIBERTY HOMES SA BARANGAY CUPANG.**

**************************************************************

**SAPAGKAT,** sa kasalukuyan ang mga binanggit na lugar ay walang maayos na drainage system;

**SAPAGKAT,** ang mga binanggit na lugar ay dagliang lumulubog sa tubig sa kaunting pag-ulan;

**SAPAGKAT,** ang pagbaha at pagpanatili ng tubig sa mga nabanggit na lugar ay nakapagdudulot ng inkumbinyente sa mga naninirahan bukod sa nalalagay sa panganib ang mga buhay nito at ang pagkasira na rin ng kanilang mga ipinundar na kasangkapan;

**SAPAGKAT,** maraming mga musmos na kabataan ang nagkakasakit dulot ng maruming tubig-baha;

**NGAYON, DAHIL DITO,** ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan na hinihiling sa Kagalang-galang na Pangulo Fidel V. Ramos, Kgg. Jose de Jesus, Kalihim ng Department of Public Works and Highways (DPWH) para sa madaliang pagpapapagawa ng proyektong daluyan ng tubig patungong Buli River na makakalunas sa pagbaha ng maraming lugar sa Muntinlupa tulad ng Carmina Compound, Bunyi Compound, Cabeza Compound at Liberty Homes sa Barangay Cupang.

**PINAGPASIYAHAN PANG MULI,** na hilingin rin sa Kgg. Fidel V. Ramos at Kgg. Jose de Jesus na gumawa rin ng pagpapalawak at pagpapalalim ng Buli River upang lubos na matanggap ang laki ng tubig na maaaring dumaloy dito na magmumula sa binabanggit na nagbabahang lugar kung tag-ulan.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

Pahina - 2 -
Kapasiyahan bilang 92- 16

**PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA** ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang Tanging Pulong na ginanap noong ika-8 ng Oktubre, 1992 sa Session Hall, People's Center, Bayan ng Muntinlupa.

**PINATOTOHANAN:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
**Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal**

**KGG. ROGER C. SMITH**
**Konsehal**

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
**Konsehal**

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
**Konsehal**

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
**Konsehal**

**KGG. ARTURO S. BUNYI**
**Konsehal**

**KGG. LUCIO B. CONSTANTINO**
**Konsehal**

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
**Konsehal**

**KGG. REY B. BULAY**
**Konsehal**

**KGG. NOLASCO L. DIAZ**
**Konsehal**

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
**Konsehal**

Pahina - 3 -
Kapasiyahan bilang 92-16

**KGG. ERNESTO A. CARUBIO**
**Konsehal**

**KGG. REYNALDO A. ABAS,JR.**
**Konsehal**

**KGG. VICENTE Y. CHUA**
**Konsehal**
**Kinatawan ng Sektor**
**Pangulo, Samahan ng mga Punong-Barangay**

**PINATUTUNAYAN:**

**PETER D. SALONGA**
**Pambayang Kalihim**

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
**Punongbayan**